Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Kasaysayan Ng Barangay Tulos: Isang Interaktibong Paraan Sa Pagtuturo Ng Panitikan Sa Mga Mag-aaral Na Nasa Ikapitong Baitang Ng Tulos National High School

Erika G. Magyawe [1]
1 – Golden Gate Colleges; Dr. Apolonio M. Fababaer
0009-0008-6595-3060
erikamagyawe12@gmail.com

Publication Date: May 20, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20308227**

**Abstrak**

Ang pagtuturo ng panitikan ay nagiging mas epektibo kapag ito ay inuugnay sa aktwal na karanasan at konteksto ng mga mag-aaral. Isa sa mga makabuluhang paraan nito ay ang paggamit ng lokal na kasaysayan bilang interaktibong kasangkapan sa pagkatuto.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng paggamit ng kasaysayan ng Barangay Tulos sa pagtuturo ng panitikan sa Ikapitong Baitang, partikular sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapataas ng interes at partisipasyon, at paghubog ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang mailarawan at masuri ang karanasan ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay tatlumpung (30) mag-aaral mula sa regular na klase ng Ikapitong Baitang sa Tulos National High School. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang talatanungan at semi-istrukturang panayam bilang pangunahing instrumento. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang weighted mean upang masukat ang antas ng bisa at thematic analysis upang matukoy ang mga karanasan at pananaw ng mga kalahok.

Ipinakita ng resulta na epektibo ang paggamit ng lokal na kasaysayan sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Naging mas makabuluhan, kawili-wili, at konkretong karanasan ang pagkatuto dahil sa pag-uugnay ng aralin sa lokal na kultura at pamumuhay. Bagaman may ilang hamon tulad ng kakulangan sa oras, kagamitan, at hindi pantay na partisipasyon, nanatiling mataas ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa pagiging epektibo ng pamamaraang ito. Sa kabuuan, napag-alaman na ang integrasyon ng lokal na kasaysayan sa pagtuturo ay hindi lamang nagpapabuti sa akademikong pagganap kundi nakatutulong din sa pagpapanatili at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

**Mga Susing Salita:** lokal na kasaysayan, interaktibong pagtuturo, panitikan, kultura

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## INTRODUKSYON AT PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang panitikan ay isang mahalagang sangkap ng edukasyon na nagsisilbing daluyan ng kultura, kasaysayan, at pagpapahalagang panlipunan ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, natututuhan ng mga mag-aaral ang iba't ibang karanasan, pananaw, at ideolohiya na humuhubog sa kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino. Gayunpaman, sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, nananatiling hamon ang kakulangan ng interes, partisipasyon, at malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan, lalo na kung ito ay naihahatid sa paraang hiwalay sa kanilang aktwal na karanasan.

Ayon kay Santos (2021), ang mababang motibasyon ng mga mag-aaral ay kadalasang nag-uugat sa kawalan ng kaugnayan ng aralin sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Kapag ang mga aralin ay nananatiling abstrakto at hindi nakapaloob sa kontekstong pamilyar sa mga mag-aaral, nagiging limitado ang kanilang pag-unawa at pakikilahok. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Garcia (2021) na ang integrasyon ng lokal na kultura sa pagtuturo ay nagiging epektibong paraan upang mapataas ang interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, sapagkat nagiging mas konkretong karanasan ang kanilang pagkatuto.

Bilang tugon sa ganitong suliranin, binibigyang-diin ng Department of Education ang kahalagahan ng contextualized at culture-based learning sa ilalim ng K–12 Curriculum. Ayon sa DepEd (2019; 2022), mahalagang maiugnay ang mga aralin sa lokal na konteksto upang maging makabuluhan ang pagkatuto. Pinatutunayan din ito nina Utami et al. (2023) sa kanilang pag-aaral sa Contextual Teaching and Learning (CTL), kung saan ipinakita na ang paggamit ng kontekstong malapit sa karanasan ng mag-aaral ay nakapagpapataas ng kanilang pag-unawa at motibasyon.

Sa kabila ng mga pag-aaral na sumusuporta sa interaktibo at kontekstuwal na pagtuturo, nananatiling limitado ang pananaliksik na nakatuon sa integrasyon ng lokal na kasaysayan bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa sekundaryang antas. Dahil dito, kinakailangang magsagawa ng masusing pag-aaral upang mapatunayan ang bisa nito sa aktwal na sitwasyon ng silid-aralan.

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang bisa ng paggamit ng kasaysayan ng Barangay Tulos bilang isang interaktibong paraan sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral ng Ikapitong Baitang sa Tulos National High School. Layunin nitong matukoy kung paano nakatutulong ang lokal na kasaysayan sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapataas ng interes at partisipasyon, at paghubog ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Partikular, hinangad ng pag-aaral na sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

Ano ang antas ng bisa ng paggamit ng Kasaysayan ng Barangay Tulos bilang interaktibong paraan sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral batay sa:

- 1.1 kultura at tradisyon;
- 1.2 pang araw-araw na pamumuhay; at
- 1.3 ekonomiya at kabuhayan?

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

2. Gaano kabisa ang paggamit ng kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan batay sa:
    2.1 nilalaman;
    2.2 kaugnayan nito sa lokal na kasaysayan; at
    2.3 pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikan?
3. Gaano kaepektibo ang pag-aaral ng panitikan gamit ang lokal na kasaysayan ng Barangay Tulos?
4. Anong mga balakid ang nararanasan ng mga mag-aaral sa pag aaral ng panitikan gamit ang lokal na kasaysayan?
5. Anong interaktibong gabay-aralin ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral upang higit na mapaunlad ang pagtuturo ng kasaysayan gamit ang alamat?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo na may kasamang mixed-method approach upang makalikom ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos. Ang ganitong disenyo ay angkop sapagkat layunin nitong ilarawan at suriin ang karanasan, pananaw, at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokal na kasaysayan sa pagtuturo ng panitikan.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok ay binubuo ng mga mag-aaral ng Ikapitong Baitang sa Tulos National High School sa taong panuruan 2025–2026. Sila ay pinili gamit ang purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na karanasan sa interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na ginamit sa pag-aaral.

### Mga Instrumento ng Pananaliksik

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang dalawang pangunahing instrumento: talatanungan at semi-istrukturang panayam. Ang talatanungan ay binuo gamit ang Likert Scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa iba’t ibang pahayag kaugnay ng bisa ng lokal na kasaysayan sa pagkatuto. Samantala, ang semi-istrukturang panayam ay ginamit upang makuha ang mas malalim na karanasan, pananaw, at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pagkatuto.

### Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Sa proseso ng pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng paaralan at nagsagawa ng orientation sa mga kalahok. Ipinamahagi ang talatanungan matapos ang interbensyon at isinagawa ang panayam upang mapalalim ang pagsusuri. Sinigurado rin ang pagsunod sa Data Privacy Act upang mapanatili ang kumpidensyalidad ng mga kalahok.

**Plano ng Pagtatasa ng Datos**

Para sa pagsusuri ng datos, ginamit ang weighted mean, frequency, percentage, at ranking upang masukat ang antas ng bisa ng interaktibong pamamaraan. Samantala, ginamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga pangunahing tema mula sa mga panayam at mailarawan ang karanasan ng mga mag-aaral.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

### Bisa ng Paggamit ng Kasaysayan ng Barangay Tulos bilang Interaktibong Paraan sa Pagtuturo ng Panitikan

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa bisa ng paggamit ng kasaysayan ng Barangay Tulos batay sa kultura at tradisyon, pang-araw-araw na pamumuhay, at ekonomiya at kabuhayan. Ibig sabihin, epektibo ang lokal na kasaysayan bilang batayan sa pagtuturo dahil nagiging mas malinaw at makabuluhan ang mga aralin para sa mga mag-aaral.

#### 1.1 Kultura at Tradisyon

Sa aspeto ng kultura at tradisyon, napatunayan na nakatutulong ang mga lokal na paniniwala, kaugalian, at tradisyon sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Nagiging mas relatable ang mga akda dahil nakikita nila ang pagkakatulad nito sa kanilang sariling karanasan sa komunidad.

#### 1.2 Pang araw-araw na Pamumuhay

Sa pang-araw-araw na pamumuhay, ipinakita ng resulta na mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin kapag ito ay iniuugnay sa kanilang mga gawain at karanasan sa araw-araw. Nagiging konkretong halimbawa ang lokal na kasaysayan na nagpapadali sa kanilang pagkatuto at pag-aanalisa ng mga akdang pampanitikan.

#### 1.3 Ekonomiya at Kabuhayan

Samantala, sa aspeto ng ekonomiya at kabuhayan, lumabas na nakatutulong din ang pagtalakay sa hanapbuhay at pamumuhay ng mga tao sa komunidad upang mas maunawaan ang konteksto ng mga akda. Nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malawak na perspektiba hinggil sa ugnayan ng panitikan at lipunan.

Sa kabuuan, ipinakita ng resulta na ang integrasyon ng mga elementong ito ng lokal na kasaysayan ay epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapataas ng interes, at pag-uugnay ng panitikan sa tunay na buhay ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 1**
**Bisa ng paggamit ng kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan**

| Nilalaman | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Ang mga aralin ay malinaw at nauugnay sa kasaysayan ng Barangay Tulos. | 3.47 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 2. Madaling maunawaan ang mga teksto at salaysay na ginagamit sa pagtuturo. | 3.37 | Sumasang-ayon | 6 |
| 3. Ang impormasyon ay tama at sapat para sa pagkatuto ng panitikan. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Nakakatulong ang kasaysayan upang mas maunawaan ang mga akdang pampanitikan. | 3.51 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 5. Ang nilalaman ng aralin ay kawili-wili at nakakaengganyo sa pagkatuto. | 3.27 | Sumasang-ayon | 7 |
| 6. Ang mga halimbawa sa aralin ay batay sa karanasan at kultura ng mga taga-Barangay Tulos. | 3.20 | Sumasang-ayon | 9 |
| 7. Ang nilalaman ng aralin ay nakaayon sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. | 3.47 | Sumasang-ayon | 4 |
| 8. May malinaw na ugnayan ang bawat paksa sa lokal na kasaysayan. | 3.13 | Sumasang-ayon | 10 |
| 9. Ang mga aralin ay nagbibigay-diin sa pagpapahalaga sa lokal na kultura at identidad. | 3.23 | Sumasang-ayon | 8 |
| 10. Ang mga teksto ay nakapagpapalawak ng aking pananaw sa kasaysayan at panitikan. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| **Composite Mean** | **3.37** | **Sumasang-ayon** | |

Batay sa resulta, ang pangkalahatang Composite Mean na 3.37 ay may berbal na interpretasyong “Sumasang-ayon.” Pinakamataas ang marka sa pahayag na “Ang mga teksto ay nakapagpapalawak ng pananaw sa kasaysayan at panitikan” (WM=3.53). Mayroon namang pinakamababang marka ang pahayag na “May malinaw na ugnayan ang bawat paksa sa lokal na kasaysayan” (WM= 3.13). Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang integrasyon ng lokal na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

kasaysayan ay may positibong epekto sa pagkatuto ng panitikan, nakakapagpalalim ng pag-unawa, at nagtataguyod ng kamalayang kultural.

**Talahanayan 2**

**Bisa ng paggamit ng kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan**

| Kaugnayan sa Lokal na Kasaysayan | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Naiuugnay ko ang panitikan sa kasaysayan ng aming barangay. | 3.00 | Sumasang-ayon | 10 |
| 2. Ang pag-aaral ng panitikan ay mas malinaw dahil sa local na konteksto | 3.03 | Sumasang-ayon | 9 |
| 3. Mas nauunawaan ko ang mga aral sa panitikan sa pamamagitan ng kasaysayan. | 3.23 | Sumasang-ayon | 3.5 |
| 4. Nakikilala ko ang kaugnayan ng lokal na kasaysayan sa mga alamat at kwento. | 3.10 | Sumasang-ayon | 8 |
| 5. Natutulungan akong mas maunawaan ang kultura at tradisyon ng aming barangay. | 3.43 | Sumasang-ayon | 2 |
| 6. Naiuugnay ko ang mga tauhan sa panitikan sa mga personalidad ng lokal na kasaysayan. | 3.23 | Sumasang-ayon | 3.5 |
| 7. Nakikita ko ang pagkakatulad ng mga pangyayari sa panitikan at sa kasaysayan ng barangay. | 3.07 | Sumasang-ayon | 7 |
| 8. Mas tumatak sa aking isip ang mga aralin kapag may lokal na halimbawa | 3.47 | Sumasang-ayon | 1 |
| 9. Ang lokal na kasaysayan ay nagbibigay saysay sa mga tema ng panitikan. | 3.20 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| 10. Ang pagtalakay sa lokal na kasaysayan ay nakatutulong upang maging makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan. | 3.20 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| **Composite Mean** | **3.20** | **Sumasang-ayon** | |

Batay sa Composite Mean na 3.20 (Sumasang-ayon), ipinapakita ng datos na epektibo ang paggamit ng lokal na kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan. Pinakamataas ang marka sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

pahayag na “Mas tumatak sa aking isip ang mga aralin kapag may lokal na halimbawa (WM= 3.47). Pinakamababa naman ang marka ng mga pahayag na “Naiuugnay ko ang panitikan sa kasaysayan ng barangay (WM= 3.00). Sa kabuuan, malinaw na nakatutulong ang lokal na kasaysayan sa pagkatuto ng panitikan, pagpapalawak ng kaalaman sa kultura, at pagpapatibay ng pagpapahalaga sa sariling identidad.

**Talahanayan 3**
**Bisa ng paggamit ng kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan**

| Pagkatuto sa Panitikan | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Mas natututo ako sa panitikan kapag isinama ang kasaysayan ng barangay. | 3.01 | Sumasang-ayon | 10 |
| 2. Mas madali kong naaalala at nauunawaan ang mga akdang pampanitikan. | 3.02 | Sumasang-ayon | 9 |
| 3. Ang kasaysayan ay nakakatulong sa pagbuo ng sariling interpretasyon ng mga teksto. | 3.23 | Sumasang-ayon | 3.5 |
| 4. Ang mga aralin ay mas kapana-panabik at nakakaengganyo.kwento. | 3.10 | Sumasang-ayon | 8 |
| 5. Nakakabuo ako ng mga proyekto at outputs na may kaugnayan sa kasaysayan at panitikan. | 3.42 | Sumasang-ayon | 2 |
| 6. Mas nagiging madali ang pag-unawa sa tema at simbolismo ng panitikan. | 3.23 | Sumasang-ayon | 3.5 |
| 7. Nagagamit ko ang lokal na karanasan sa pagsusuri ng mga akda. | 3.07 | Sumasang-ayon | 7 |
| 8. Lumalalim ang aking pag-unawa sa kultura at pagpapahalagang Pilipino. | 3.48 | Sumasang-ayon | 1 |
| 9. Nagiging mas makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan sa lokal na konteksto. | 3.20 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| 10. Ang pag-uugnay ng kasaysayan at panitikan ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip. | 3.20 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| **Composite Mean** | **3.20** | **Sumasang-ayon** | |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa bisa ng paggamit ng kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan. Batay sa Composite Mean na 3.20 (Sumasang-ayon), karamihan sa mga mag-aaral ay naniniwalang nakatutulong ang integrasyon ng kasaysayan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikan. Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Ang pag-uugnay ng kasaysayan at panitikan ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip" (WM=3.48). Pinakamababa naman ang marka ng mga pahayag na "Mas natututo ako sa panitikan kapag isinama ang kasaysayan ng barangay (WM= 3.01). Ipinahihiwatig nito na may ilang mag-aaral pa ring hindi lubos na naaakit o nakikibahagi sa ganitong uri ng pagtalakay.

**Talahanayan 4**
**Epekto ng Paggamit ng Lokal na Kasaysayan sa Pag-aaral ng Panitikan**

| Mga Pahayag | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Ang paggamit ng kasaysayan ay nagpapadali sa pag-unawa sa panitikan. | 3.47 | Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nakakabuo ako ng mas malinaw na pananaw tungkol sa mga kwento at alamat. | 3.37 | Sumasang-ayon | 5 |
| 3. Ang pag-aaral gamit ang kasaysayan ay nagpapataas ng interes ko sa panitikan. | 3.43 | Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Mas aktibo akong nakikilahok sa klase dahil sa paggamit ng lokal na kasaysayan. | 3.38 | Sumasang-ayon | 4 |
| 5. Natutulungan akong ipakita ang aking natutunan sa malikhaing paraan. | 3.53 | Lubos na sumasang-ayon | 1 |
| 6. Nagiging mas madali kong maunawaan ang mga aral at tema ng panitikan. | 3.13 | Sumasang-ayon | 10 |
| 7. Mas nagiging makabuluhan ang mga aralin dahil nakabatay ito sa lokal na karanasan. | 3.20 | Sumasang-ayon | 9 |
| 8. Lumalalim ang aking pagpapahalaga sa kultura at tradisyon ng aming barangay. | 3.30 | Sumasang-ayon | 8 |
| 9. Ang paggamit ng lokal na kasaysayan ay nagpapalawak ng aking pag-unawa sa identidad bilang Pilipino. | 3.33 | Sumasang-ayon | 7 |
| 10. Nakikita ko ang ugnayan ng kasaysayan at panitikan sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan. | 3.35 | Sumasang-ayon | 6 |
| **Composite Mean** | **3.35** | **Sumasang-ayon** | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Batay sa Talahanayan 4, ang Composite Mean na 3.35 (Sumasang-ayon) ay nagpapahiwatig na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokal na kasaysayan bilang bahagi ng pag-aaral ng panitikan. Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Natutulungan akong ipakita ang aking natutunan sa malikhaing paraa" (WM=3.53). Samantalang ang mayroong pinakamababang marka ang pahayag na "Nagiging mas madali kong maunawaan ang mga aral at tema ng panitikan" (WM= 3.13) ay nananatiling positibo, na nangangahulugang nakikita pa rin ng mga mag-aaral ang epekto ng kasaysayan sa pag-unawa sa panitikan.

**Talahanayan 5**

**Mga Balakid sa Pag-aaral ng Panitikan ng Lokal na Kasaysayan**

| Mga Pahayag | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong unawain ang mga teksto kung maraming impormasyon ang kasaysayan. | 2.52 | Sumasang-ayon | 9 |
| 2. Minsan ay hindi sapat ang oras para talakayin ang kasaysayan at panitikan. | 2.90 | Sumasang-ayon | 2 |
| 3. May mga pagkakataon na mahirap isama ang lahat ng mag-aaral sa aktibidad. | 2.96 | Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Nahihirapan akong sundan ang mga interaktibong aktibidad ng mabilis. | 2.88 | Sumasang-ayon | 3 |
| 5. Minsan ay kulang ang kagamitan o materyales sa pagtuturo gamit ang kasaysayan. | 3.78 | Lubos na sumasang-ayon | 5 |
| 6. Hindi lahat ng kaklase ay aktibong nakikilahok sa mga gawain. | 2.92 | Sumasang-ayon | 4 |
| 7. Minsan ay mahirap iugnay ang kasaysayan sa modernong panitikan. | 2.80 | Sumasang-ayon | 6 |
| 8. | | | |
| 9. May mga pagkakataon na nakakaantala ang teknikal o logistical issues sa aktibidad. | 2.62 | Sumasang-ayon | 8 |
| 10. | | | |
| 11. Nakakaramdam ako ng kawalan ng interes kung paulit-ulit ang aktibidad. | 2.50 | Sumasang-ayon | 10 |
| 12. May mga pagkakataon na nahihirapan ang guro sa pagbibigay ng malinaw na paliwanag. | 2.86 | Sumasang-ayon | 7 |
| **Composite Mean** | **3.35** | **Sumasang-ayon** | |

Batay sa Talahanayan 5, ang composite mean na 3.35 ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay nakararanas ng ilang hamon o balakid sa pag-aaral ng panitikan kapag isinama ang lokal na kasaysayan, ngunit nananatiling may positibong pananaw sa ganitong uri ng pagkatuto. Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Minsan ay kulang ang kagamitan o materyales sa pagtuturo gamit ang kasaysayan" (WM=3.78). Samantala, ang pinakamababang pahayag na "Nakakaramdam ako ng kawalan ng interes kung paulit-ulit ang aktibidad" (WM=2.50) ay nagpapakita na bagama't hindi pangunahing hadlang, may mga pagkakataong bumababa ang motibasyon kapag walang pagbabago sa paraan ng pagtuturo.

## LAGOM AT RESULTA NG PANANALIKSIK

Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang bisa ng paggamit ng *kasaysayan ng Barangay Tulos* bilang interaktibong paraan sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Tulos National High School. Nais nitong tukuyin kung paano nakatutulong ang lokal na kasaysayan sa pag-unawa sa mga akdang pampanitikan, sa pagpapalalim ng interes ng mga mag-aaral, at sa paghubog ng pagpapahalaga sa kultura at identidad bilang Pilipino.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang *descriptive method* at gumamit ng *survey-questionnaire* upang masukat ang antas ng kasanayan, pagkatuto, at mga balakid ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokal na kasaysayan bilang midyum sa pagtuturo ng panitikan. Ang mga datos ay sinuri gamit ang *weighted mean* at binigyang interpretasyon sa tulong ng mga kasalukuyang literatura.

Batay sa naging resulta, lumabas na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokal na kasaysayan sa pag-aaral ng panitikan. Sa aspeto ng nilalaman, nagkaroon ng mas malinaw at makabuluhang pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan dahil ito ay nakaugnay sa kanilang sariling kultura at karanasan. Ayon sa pag-aaral ni Santos (2021), ang *lokalisasyon ng aralin* ay nakatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto sapagkat mas madali itong maiugnay ng mga mag-aaral sa kanilang buhay.

Sa kaugnayan sa lokal na kasaysayan, ipinakita ng resulta na nagiging mas makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan kapag ito ay isinasalaysay kasabay ng mga lokal na pangyayari at alamat. Pinatutunayan ito ng pananaliksik nina Dela Cruz at Ramos (2022) na nagsasabing ang *contextualized learning* ay epektibo sa pagpapataas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase.

Sa pagkatuto sa panitikan, lumabas na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at nakabubuo ng sariling interpretasyon ng mga teksto kapag isinama ang lokal na kasaysayan. Ang kasaysayan ay nagsisilbing tulay sa pag-unawa ng mga tema, simbolismo, at aral ng panitikan, na sinang-ayunan din ng pag-aaral ni Flores (2023) na nagsabing ang *integrasyon ng lokal na konteksto* ay nagpapalakas ng *critical thinking* at *literary appreciation* ng mga mag-aaral.

Samantala, sa aspeto ng mga balakid, lumabas na ang pangunahing hamon ay ang kakulangan ng oras, kagamitan, at aktibong partisipasyon ng lahat ng mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga kalahok na ang ganitong paraan ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

pagtuturo ay nakatutulong sa kanilang kabuuang pagkatuto. Katulad ng obserbasyon ni Reyes (2020), ang mga *instructional limitations* gaya ng oras at materyales ay hindi hadlang kung may kolaboratibong pagtuturo at malikhaing estratehiya ang guro.

Ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng lokal na kasaysayan bilang interaktibong paraan ng pagtuturo ay epektibong nakapagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan at sa kanilang sariling pagkakakilanlan bilang Pilipino.

**KONKLUSYON**

1. Napatunayan ng pag-aaral na ang paggamit ng Kasaysayan ng Barangay Tulos bilang interaktibong paraan sa pagtuturo ng panitikan ay epektibo sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kultura, tradisyon, pang-araw-araw na pamumuhay, at ekonomiya ng kanilang komunidad.

2.Mas nauunawaan at naaalala ng mga mag-aaral ang mga aralin sa panitikan kapag ito ay kaugnay ng lokal na kasaysayan, partikular sa nilalaman ng mga aralin, kaugnayan nito sa kanilang barangay, at sa kabuuang pagkatuto sa panitikan.

3.Ang paggamit ng lokal na kasaysayan ay napatunayang epektibo sa pagtuturo ng panitikan dahil pinapataas nito ang interes, partisipasyon, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin.

4.Ilan sa mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa ganitong pamamaraan ay ang kakulangan ng kagamitan at oras; subalit, ang mga ito ay maaaring mapagtagumpayan sa pamamagitan ng malikhaing pagtuturo at suporta ng paaralan at komunidad.

5.Batay sa mga natuklasan, ang lokal na kasaysayan ay maaring gamitin bilang gabay sa pagbuo ng mga interaktibong aralin tulad ng storytelling, dramatization, at community interviews upang higit pang mapaunlad ang pagtuturo ng panitikan at mapalaganap ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**MGA TALASANGGUNIAN**

Reyes, J. M. (2023). *Panitikan at Pananampalataya: Isang Pag-aaral sa mga Ritwal ng Buhay Pilipino*. Manila: Phoenix Publishing.

Santos, R. P. (2022). *Alamat at kultura ng komunidad: Mga interaktibong pamamaraan sa pagtuturo*. Quezon City: Edukasyon Press.

Villanueva, R. (2023). *Interaktibong Pagtuturo ng Panitikan*. Mandaluyong: National Book Store.

Cortez, G. M. (2020). Baysanan: Ang kasalang Batangueño bilang kultural na kapital [Master's thesis, De La Salle University]. Animo Repository.

Cruz, E. M. (2021). *Contextual Teaching and Learning sa pagtuturo ng Panitikan: Lokal na kasaysayan bilang konkretong konteksto* [Journal article, Philippine Journal of Educational Practice.

Santos, A. (2021). Motivation and contextualization in literature teaching. *Educational Psychology Journal, 14*(2), 22–37.

Utami, L., Yahrif, R., Rosmayanti, S., & Siradjuddin, A. (2023). Contextual teaching and learning: Enhancing student motivation. *International Journal of Learning and Instruction, 11*(4), 99–115.

Department of Education. (2019). *DepEd Order No. 21, s. 2019: Policy guidelines on the K–12 curriculum: Culture-sensitive and contextualized learning*. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2022). *On Philippine history in basic education: Integrating local and national history in the curriculum*. https://www.deped.gov.ph

Republic Act No. 10173. (2012). *Data Privacy Act of 2012*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2012/08/15/republic-act-no-10173

Dela Cruz, M., & Ramos, P. (2022). Contextualized learning in Philippine secondary education. *DepEd Research Portal*. https://www.deped.gov.ph/research/contextualized-learning

Flores, C. (2023). Contextual integration and critical thinking in literature. *Asian Online Journal of Education and Humanities*. https://asianjournaledu.org/flores2023